# Pasko ng mga Taong Hindi Perpekto

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Bong Guerrero
Disyembre 10, 2022

Ang kahulugan ng adbiyento ay "ang pagdating." Ito ay isang paanyaya at hamon upang maghanda sa pagdating ni Hesukristo. Tayo ay tinawag (Isa.43:1), kaya't maglaan tayo ng taimtim na sandali para sa Kanya: manalangin, makinig at matuto. Kapag naglalaan tayo ng oras sa Diyos, ang mabuti ay nagiging pinakamabuti. Dagdag pa nito, ang adbiyento ay panahon ng pagkasundo-sundo. Sa totoo lang, lahat tayo'y nagkakamali, nagkakasala, pero wala ni isa ang perpekto. Ginagamit ng Diyos ang mga taong hindi perpekto upang magampanan ang Kanyang misyon. Gayunpaman, gusto ng Diyos na aminin natin ang ating mga kasalanan at magsisi. Kaya, ngayong panahon ng adbiyento, gusto ng Diyos na makita tayong nagsisisi dahil hindi Siya sumusuko para sa atin, na magbago at magsisisi tayo sa ating mga kasalanan.

1. Ang *Advent wreath* ay simbolo ng 4 na Linggo ng adbiyento, sumasagisag sa 4 na kabutihan na dapat mayroon tayo sa panahon ng Kapaskuhan.

1.1. **Kandila ng Pag-asa.** Hinihikayat tayo ni Papa Francisco na manumbalik ang ating pag-asa dahil ang Diyos ay laging tapat at hindi Niya tayo binibigo. Kapag isinara ng Diyos ang pintuan, magbubukas Siya ng mas mabuti para sa atin.

1.2. **Kandila ng Pag-ibig**. Nagsasakripisyo tayo at nalalampasan natin ang mga pagsubok dahil sa mga taong mahal natin. Kung gusto nating maging masaya, doon tayo sa mga taong nagmamahal sa atin. Dahil, ang pag-ibig ay presensya, ang presensya natin ang nagpapakita ng pag-ibig natin sa Diyos.

1.3. **Kandila ng Kagalakan**. Gusto ng Diyos na masaya tayo."…upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo"(Juan 15:11). Ang kasiyahan ay isang desisyon. Hindi ibig sabihin na ang lahat ay perpekto; ngunit pipiliin nating lampasan ang hindi perpekto. Laging may taong magpapalungkot sa atin; gayunpaman, huwag nating hayaang manaig sila. Sapat na ang malaman nating mahal tayo ng Diyos. Piliin ang kagalakan ng perpektong Pasko.

1.4. **Kandila ng Kapayapaan**. Ang presensya ng Diyos ang nagbibigay sa atin ng kapayapaan. Hindi dahil wala kang nararanasang kapighatian o pagsubok. Ang kapayapaan ay nagsisimula sa ating puso kung sumasaatin si Hesus.

2**. Papaano tayo naghahanda sa pagdating ni Hesus?**

2.1.Gusto ng Diyos na maging masaya tayo sa pagdiriwang ng Kanyang kaarawan. Gusto Niyang ihanda natin hindi lang ang panlabas na kaanyuan kundi higit sa lahat ang ating kalooban. "Magsisi kayo nang buong puso. Mabait Siya at maalalahanin" (Joel 2:13).

2.2. Nakita ng Diyos ang lahat ng Kanyang nilikha, at ang lahat ay mabuti (Genesis 1:31). Lahat tayo nagkakamali. Kalimutan ang nakaraan, at ang hindi magandang nagawa. Palitan ang kasakiman ng maka Diyos na pagmamahal.

2.3. Hinikayat tayo ni Papa Juan II na gumawa ng paraan para matamo ang pagkakasundo (2Corinto 5:20-21). Ang pagkakasundo ay nangyayari sa pangungumpisal. Bakit kailangan nating mangumpisal sa pari?

2.3.1. **Ito ay nasa Banal na Kasulatan**: Ideya ito ni Hesus.

2.3.2. **Ito ay Makasaysayan**: Naroroon ang mga alagad sa unang simbahan.

2.3.3**. Ito ay Nadarama**: upang marinig "Pinapatawad ko ang iyong mga kasalanan".

2.3.4. **Ito ay Praktikal**: lumalapit tayo sa paring magbibigay ng mabuting payo; nakikita niya ang mga bagay na hindi natin nauunawaan.

**Konklusyon:** Ang katapatan ay hindi tungkol sa pagkaperpekto. Ang pagiging perpekto ay hindi dahil sa walang kasalanan; ito ay ang katatagang sumubok na bumangon tuwing nadadapa. Ito ay ang muling pagbangon at tapusin ang dapat na takbuhin. Hindi tayo matatalo hangga't hindi tayo tumitigil sa pakikibaka sa pagsubok.

**Pagninilay:**

1. Masyado ba akong masama para sa Diyos?
2. Anong kasalanan ang dapat kong ihingi ng tawad upang manumbalik sa Kanya at sa kapwa?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pag-asa#Pag-ibig#Kapayapaan